SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-21 NG MARSO, 2005, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. ARIEL T. MAGCALAS . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Laleu . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmal . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmal . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad – SK |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Narciso A. Cayos . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Linjuco . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 080-T'05

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 2-T'05/ KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 2-T'05 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA SASAKYANG GUMAGAMIT NG MGA PANGUNAHING LANSANGAN NG BARANGAY GATID AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

SAPAGKA'T, hinarap at tinalakay ng sanggunian ito ang Kapasiyahan Blg. 2-T'05/ Kautusang Barangay Blg. 2-T'05 ng Sangguniang Barangay ng Gatid na naglalayong magtakda ng mga panuntunan sa mga sasakyan sa paggamit ng mga pangunahing lansangan sa nasasakupan ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman ang kahalagahan at kapakinabangang maidudulot nito sa pagtatamo ng kaayusan sa paggamit ng lansangan ay inirekomenda ng *Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon na pagtibayin ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng Brgy. Gatid.*

SAPAGKA'T, ito ay dumaan sa public hearing ng barangay

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bryan R. Laleu, Jun M. Asinas at Roselon F. Pamatmal at sa *buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay*

PINAGPASIYAHAN. Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2-T'05 / Kautusang Pambarangay Blg. 2-T'05 ng Sangguniang Barangay ng Gatid na nagtatakda ng mga panuntunan para sa mga sasakyang gumagamit ng mga pangunahing lansangan ng Barangay Gatid at nagpapataw ng kaparusahan sa paglabag dito.

*INIUUTOS. Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Brgy.* Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

1st Endorsement
June 29, 2005

Respectfully returned to the Honorable Sangguniang Bayan of this municipality through its Secretary the herein attached copies of its Kapasiyahan Blg. 080, T' 05 without any action taken with the advice that the Kautusang Pambaranggay Blg. 2 T' 05 of the Sangguniang Barangay of Barangay Gatid of this municipality be returned to for its correction of Section 13 of the same to exclude the phrase " o kaparusahang itinakda ng batas o hukuman o ng Santa Cruz Traffic Management".

Penalties imposable should be set by the ordinance with definiteness and should never be left to the discretion of the court or to any body else.

**ENGR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Municipal Mayor

Incls. As stated

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan